# PROLOGUE

Nakatunghay si Divine sa labas ng bintana ng kanilang bungalow type na bahay, habang sa isang kamay ay hawak ang isang stick ng banana que na kanyang paboritong merienda. Nakatingin siya sa malaking bahay na abot ng tanaw niya mula sa kinaroroonan. Katatapos lamang ng konstruksyon niyon noong nakaraang linggo. Malaki ang bahay at isang halimbawa ng makabago at marangyang bahay.

Bali-balita na ay ang may-ari ng bahay na iyon ay isa sa mga kamag-anak ng dating mayor ng Sinait na si Arturo Raganza. Pero ngayon, pagkatapos ng termino ay ginusto nito na magpahinga sa Amerika kasama ng pamilya nito.

Kilala sa bayan nila ang mga Raganza bilang mayayaman, makapangyarihan at iginagalang ng kahit na sino. At ang hindi niya makakalimutan sa mga ito at matatawag niyang talagang naging malapit sa kanya ay si Darius Raganza. Hindi nga ba at siya lamang ang pinagkatiwalaan nito sa mga problema nito noon at higit sa lahat…

Hanggang doon na lang ang kaya niyang

alalahanin. Sa mahigit walong taon na nawala ito ay pinilit niyang kalimutan ito. Matatawag niyang isang achievement iyon dahil nagawa niya. O iniisip niyang nagawa nga niya iyon…

"'Nang, alam n'yo po ba kung sino sa mga Raganza ang nakatira sa bahay na 'yan?" tanong niya sa ina na noon ay naghuhugas ng mga pinagkainan.

"Hindi, anak. Ang bali-balita, galing daw iyan ng Amerika at nagdesisyon na dito na lamang manirahan."

"Baka isa ho sa anak ni Mayor, hindi ho kaya, 'Nang?"

"Para namang hindi mo kilala ang pamilya niya. Noon pa mang naririto ang mga iyon ay itinatakwil na nila ang pagiging Filipino. Kung magsalita ang mga iyon ay laging may 'Merika ang sinasabi."

Natawa si Divine, pero batid niyang may katotohanan ang binanggit nito. Katulad ni Janette na naging kaibigan niya noon, nag-aral ito ng Nursing para maging pasaporte iyon at makapagtrabaho sa States. Ordinaryo na sa mga taga-Sinait ang pag-a-abroad dahil hindi pa man daw siya isinisilang ay marami na ang mga tumatakas sa kanilang probinsya

papunta sa banyagang bansa ng mga Puti.

"Baka naman ho nagbago ang isip at minabuting dito na lamang maninirahan kasi iba pa rin ang probinsya," aniya.

"Hindi ako naniniwala diyan. Ipagpapalit ang America sa lugar natin na bukod sa huli sa teknolohiya ay mahina pa ang pag-unlad?"

Isang Raganza ang kilala niyang gustong manatili rito sa kanilang probinsya, hindi nga lamang nangyari dahil sa ginawa ng ama nito. Aaminin niyang si Divine rin ang dahilan kaya nagbago ang isip nito, umalis, at mula noon ay isinumpa na ang Sinait.

"Balita rin na siya ang may-ari ng motorbike shop diyan sa town proper, aba'y, mahilig daw sa motorsiklo ang batang 'yun."

Doon na siya kinabahan nang tuluyan. Ang taong iniisip niya ay mahilig rin sa motorsiklo!

Nabitawan ni Divine ang hawak na banana que, hindi niya iyon sinadya. Agad niya iyong pinulot at itinapon sa basurahan sa tabi ng refrigerator. Nakita iyon ng nanang niya.

"Ano ba'ng nangyayari sa 'yo, Divine?" tanong

nito.

"Wala ho, 'Nang, may naalala lang ho ako."

"Siya ba, anak?" Mataman siyang tinitigan ng ina. Hindi siya makasagot.

"Huwag kang mag-alala. Saksi ako kung paano halos isumpa niya ang Sinait noon, siguro hindi na iyon babalik pa. Kung babalik pa man iyon, tanging Diyos na lamang ang nakakaalam," madamdaming pahayag ng kanyang Nanang.

"Isa pa, anak, hindi lang naman siya ang tanging Raganza na mahilig sa motorsiklo. Hindi nga ba't halos lahat ng mga lalaki sa pamilyang iyon ay mahilig sa pagmomotor?"

Hindi siya nagsalita, mayamaya pa ay kinuha na niya ang kanyang bag at ilang folder na nakapatong sa kanilang dining table. Tumingin siya sa wall clock at nakita niyang pasado ala-una na ng hapon. Tamang-tama lamang dahil ala una y media ang kanyang klase sa grade five section three sa *Mababang Paaralan ng Sinai*t.

Gumayak na siya at nilapitan ang ina at marahang hinalikan ito sa pisngi. "Tutuloy na ho 'ko, Nang."

"Sige, anak, mag-iingat ka."

Hanggang sa makalabas siya ng kanilang bahay ay tanaw pa rin siya ng ginang at inihatid siya nito ng tanaw hanggang sa makasakay siya ng tricycle.

SA FACULTY ROOM agad tumuloy si Divine. Pagbungad pa lamang niya ay iisa lang ang pinagkukuwentuhan sa loob. As usual, ang topic of the week: ang Raganza na may-ari ng malaking bahay at motorbike shop sa bayan.

Minsan naiinis na siya sa kapwa niya teachers. Mabuti sana kung puro dalaga lamang ang nagtitsismisan, kaso pati may mga asawang tao ay kinikilig sa sinumang Raganza na iyon.

Pati ang co-teacher at matalik na kaibigang si Emma ay nangunguna sa panghuhula kung sino sa mga Raganza ang bagong talk of the town. Minabuti niyang umupo sa harap ng kanyang table at ribasuhin ang mga lessons niya para sa araw na iyon.

Mayamaya lamang ay lumapit na sa kinaroroonan niya ang kaibigan, magkatabi lang naman kasi sila ng mesa.

"Guess what, best friend," simula nito.

"Emma, whatever it is, I'm not interested and I don't even what to talk about it."

Natawa ito. "Bakit ba hindi ko pa man nasasabi sa 'yo, umuusok na ang ilong mo?"

"Lubayan mo 'ko, Emma…" Nagpatuloy siya sa ginagawa.

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. "Nagkaroon lang naman kami ng bet kanina ng mga teachers dito."

"Isa…" banta niya.

"Naghulaan kami kung sino sa mga Raganza ang kasalukuyang talk of the town ngayon. At alam mo ba kung sino ang hula ko?"

"…Dalawa…"

"Si Darius, Divine!"

"…Tatlo!" Tumayo siya.

"Okay! Fine! Kung ayaw mong pag-usapan. Ipinapatawag ka ni Mrs. Aquino," tukoy nito sa principal ng school na iyon.

“Bakit daw?” Lumingon siya rito, naiinis pa rin.

Nagkibit-balikat ito. “Sa lesson mo yata sa Home Economics.”

Nang makausap si Mrs. Aquino, pinaalam nitong magkakaroon sila ng parang field trip ngayong araw na may kinalaman sa lesson nila tungkol sa pag-aalaga ng mga hayop. Hindi na nagulat si Divine nang sabihin nitong sa *Raganza Farm* sila pupunta dahil doon lang naman ang tanging animal farm sa kanila, kaya hindi na niya naipilit na kung puwede ay sa ibang lugar na lamang sila mag-field lesson.

Wala pang kalahating oras ay naroon na sila ng kanyang mga mag-aaral. Maganda ang loob ng farm, mula sa kanilang kinatatayuan ay kitang-kita ang mga kulungan ng iba’t-ibang hayop. Tulad ng kanyang inaasahan ay hindi ganoon kasama sa pang-amoy ang hangin doon. Ibig lamang sabihin, malinis ang farm.

Marami nang ipinagbago ang lugar kumpara noong una siyang pumunta roon, walong taon na ang nakakaraan.

Sinabihan niya ang kanyang mga estudyante na manatili muna sa loob ng sasakyan habang kinakausap niya sa opisina ang may-ari ng farm.

Pero hindi pa man siya nakakailang hakbang ay may nagsalita mula sa kanyang likuran.

"Narito na pala kayo, puwede na ba tayong mag-umpisa?" Parang gusto niyang manlambot sa narinig. Hindi siya puwedeng magkamali, ilang panahon sa kanyang buhay na nakaulayaw niya sa kanyang mga panaginip ang boses na iyon.

Ang araw na kinatatakutan niya ay dumating na!

Paglingon ni Divine, gayon na lamang ang pagsikdo ng kanyang dibdib. Ang lalaking kaharap niya ngayon ang pinakaguwapo na yatang nasilayan ng kanyang mga mata sa buong buhay niya.

Ito na si Darius, nagtataglay ng mapanghusga at mapang-arok na mga mata. Ang panga nito ay binagayan ng manipis at sensuwal na mga labi. Matangos na ilong, medyo may mga nagsusulputan nang stubbles sa paligid ng baba nito. Mahaba na rin ang buhok nitong sa palagay niya ay matagal nang hindi nasasayaran ng gunting. Malaki ang pigura nito at nagsulputan ang mga muscles sa katawan na noon ay hindi pa gaanong halata. Ang biceps nito ay naaaninag sa suot nitong manipis na white t-shirt at pati na rin ang malapad nitong dibdib.

Hindi niya gusto pero dumako pa ang tingin niya paibaba. Nataranta ang kanyang malilikot na mata nang matuklasang pati sa legs nito ay naaaninag ang malalaking mucles sa kupasing maong na suot na may butas-butas na sa mga tuhod.

Ruggedly handsome. This was the perfect adjective for him.

Salubong ang mga kilay nito nang mag-angat siya ng mukha. "Pumasa na ba 'ko sa panlasa mo o naisip mong sana'y hindi mo na 'ko pinakawalan pa noon?" sabi nitong napakaseryoso ng hitsura. Na tila kahit sa kidlat ay hindi ito masisindak.

Agad sumiklab ang galit sa kanya. "Arrogant! Iniisip ko lang kung ilang cosmetics surgeries na ang dumaan sa 'yong katawan."

Bagaman alam niya sa sarili na walang katotohanan iyon. Kahit binatilyo pa lamang si Darius noon ay magandang lalaki na ito. Hindi nga ba at noon ay kulang na lang ay mga babae na ang manligaw rito? Ang mukha ring iyon ang nagturo sa kanyang puso kung paano…

Natigil si Divine sa pag-iisip nang bigla siya nitong hapitin, napakaseryoso ng mukha nitong

halos isang dangkal na lamang ang layo sa kanya. Nararamdaman na niya ang init ng hininga nito sa pisngi niya.

"Natatandaan mo pa ba ang sinabi ko noon na maghihiganti ako sa 'yo sa muli nating pagkikita?"

Presto! Iyon na, nahulaan nito ang kanyang ikinakatakot. Ito ang dahilan kung bakit ayaw na niya itong makita pa. At ang masakit, nasaksihan ng buong bayan nang sabihin nito ang bantang iyon sa kanya.

"Matagal nang nangyari iyon, Darius..." parang maiiyak na sabi niya. Tinangka niyang kumawala pero parang bakal ang braso nitong nakapulupot sa kanya.

"Hindi pa rin nagbabago ang epekto sa akin kapag ikaw ang bumibigkas ng aking pangalan. Malambing. May pagsuyo. Tell me, Divine, did you long for my kisses all these years?"

Marahil nabasa nito ang sagot sa kanyang mga mata. Dahil sa isang iglap, sa panggigilalas niya, ay nahuli nito ang mga labi niya at inangkin iyon nang buong kaparusahan.

"Damn!" anito nang naghiwalay ang kanilang mga labi. "Lasa pa ring luha ang labi mo! Mas

masarap bang humalik ang nobyo mo kaysa sa akin? Mas nasisisyahan ka ba sa halik ng mga lalaking nagdaan na sa iyong buhay? I don't easily give up, Divine, at alam mo ang ugali ko. Minsan ipapatikim ko sa 'yo ang totoong halik na ngayon mo pa lang mararanasan."

"Akala ko hindi ka na babalik?" hinihingal pang tanong niya.

"Kung may isa mang lugar ang hindi ko makakalimutan, iyon ay ang Sinait. Dahil alam kong may tao rito na nagbibigay sa akin ng dahilan para maghangad ako na muling bumalik." Tinitigan siya nito nang mataman. "Naaalala mo pa ba ang lugar na ito, kung saan una kitang hinalikan, hmm?"

Napalunok ang dalaga. Magsasalita pa sana siya nang sunud-sunod na tumakbo ang mga mag-aaral niya papunta sa kinaroroonan nila. Agad silang kumalas sa isa't isa.

"Miss Aguilar, mag-uumpisa na po ba tayo? Excited na po kasi kami," sabi sa kanya ng isa sa pinakamatalinong pupils niya.

Amused na tumingin sa kanya si Darius at bumulong, "Still single at twenty-six, huh!"

Lumayo siya rito at hindi na lamang nagkomento.

"We can start now. Class, this is Mr. Darius Raganza, he will give us a tour of his farm."

Bumaling siya rito, naaaliw itong nakatingin sa mga bata. Nakita niya ang kislap sa mga mata ni Darius.

"Hello, kids. Tawagin n'yo akong Kuya Darius, puwede ba iyon sa inyo?"

"Opo!" chorus ng lahat ng pupils niya. Amused na amused naman ang dalagang guro.

"Kuya, bagay kayo ni Miss Divine. Dalaga pa ho si Ma'am," sa panggigilalas niya ay sabi ng pinakamakulit niyang estudyante.

"Stop it, Jay." Pero naging dahilan iyon ng lalo pang panunukso ng mga bata.

Init na init ang mukha niya nang di-sinadyang napatingin siya kay Darius na seryoso namang nakatingin sa kanya. Lalong nagtuksuhan ang mga bata sa nakikita sa kanila.

"Gusto n'yo ba ako para sa teacher n'yo?" baling ng binata sa mga paslit.

"Opo!" sabay-sabay na ani muli ng mga bata.

"Hayaan n'yo one of these days, papasyalan ko siya sa school." Humarap ito sa kanya at saka kumindat.

Pinatigas niya ang tinig. "Class, hindi tayo pumunta dito para sa mga ganyang bagay."

Tila napahiyang natahimik ang mga ito.

Sumingit si Darius."Okay, class, follow me, ipapakita ko rin sa inyo ang pag-aalaga sa iba't ibang hayop dito."

Nagpatiuna na ito pagkatapos sabihin iyon. Hawak ng lalaki sa magkabilang kamay nito ang dalawa sa mga estudyante niya. At walang kaplastikang tuwang-tuwa ito sa pagdating ng mga bata.

Kung gayon ay hindi na ito natatakot magpakita ng tunay na damdamin. Hindi katulad noong kabataan pa nila.

Pagdaan ng gabi ay hindi agad nawaglit sa isipan ni Divine ang lalaki. Base sa nakita kanina, marami na itong ipinagbago. He was not the eighteen-year-old rebel she used to know. Tila matapang na

itong humarap sa hamon ng buhay, tila hindi na ito masasaktan nang gayun-gayon na lang.

Nagtagumpay siya sa kanyang naging pasya noon, sa tingin niya, kung pagbabasehan ang status nito sa ngayon.

Pinatapang na ito ng mga panahong lumipas… ng mga problemang dumating dito noong bata pa ito. At sa pagkikita nilang iyon, naramdaman niya muli ang damdaming iyon kanina, na walong taon niyang pilit kinalimutan.

Ang damdaming iyon na siyang nag-udyok para saktan ito at layuan siya.

At nang halikan siya ni Darius, naramdaman niya ang malaking kaibahan doon. Noon ay hinahalikan siya nito nang may pagsuyo at may pagmamahal. Kanina, hindi niya iyon naramdaman. Galit lamang ang tanging naroon.

Gayunpaman, hindi niya maitatangging kinasabikan niya ang mga labing iyon na ilang beses niyang natikman noong fourth year high school pa lamang ang lalaki at siya naman ay nagpa-practicum pa lamang.

At muling bumalik sa kanyang alaala kung

paano naging parte ng buhay niya ang isang Darius Raganza…

# 1

*Eight years ago…*

Kinindatan ni Darius ang mestiza na dumaan sa harapan nilang magkakaibigan. Ito si Geneva Santillan, anak ng isa sa pinakamayayaman at pinakamaiimpluwensiyang tao sa Sinait. Makikita ang bayan nila sa pinakasulok ng Ilocos Norte.

Masasabing payak ang pamumuhay roon, pero hindi naman nagpapahuli sa high technology ang lugar nila. Marami na ring mga businessmen na nag-invest ng mga negosyo roon dahil mabilis na rin ang pag-asenso ng bayang iyon.

Si Darius Raganza ay anak ng isa rin sa mga maimpluwensyang tao roon. Pamangkin ito ng kasalukuyang mayor ng Sinait, fourth year na sa mataas na paaralang iyon—ang *St. Michael's Academy*.

Nagsindi si Darius ng sigarilyo, walang makakakakita sa kanila doon sa miyembro ng faculty dahil nasa panlalaking banyo sila ng grade school nang sandaling iyon at malayo iyon sa karamihan ng buildings na sakop ng high school department.

Kalalabas lamang ng balitang may malaking crush kay Darius si Geneva Santillan. Spanish mestiza ang lahi ng angkan nito, pero hindi ang katulad nito ang tipo niya sa babae. Balak lamang niya itong ibilang sa mga flings niya, pero wala siyang plano na seryosohin ito. Dahil sikat siyang campus figure, marami talagang babae ang nagbibigay ng motibo sa kanya. Halos lahat ng mga iyon ay naging girlfriend niya.

"Halatang-halata ang pagkagusto sa 'yo ni Geneva, ah. Patulan mo na kaya, Darius? Wala ka namang talo d'un dahil bukod sa maganda na, sikat pa," sulsol ni Obet, isa niyang kabarkada.

Nagbuga siya ng usok. "Huwag kang mag-alala, darating din tayo diyan. Huwag kang mainip."

Bakas ang kumpiyansa niya sa sarili sa sinabi, na alam niyang hindi kailanman pag-aalinlanganan ng mga kaibigan.

Pahangos na lumapit sa kanila ang isa pa nilang kabarkada, si Danny. Galing ito sa isang vacant room ng mga grade school pupils.

"Guys, look at this. May nakaiwan ng cellphone doon," anito, hawak ang teleponong napulot.

"Sino kaya'ng nakaiwan? Paano kaya malalaman

kung kanino para maisauli," sabi ni Obet na agad lumapit dito.

"Tanga ka ba? Nasa 'tin na nga, ibibigay mo pa? Ibenta na natin. What do you think?"

Isang batok ang pinatikim ni Obet kay Danny. "'Eto talagang si Tabatsoy parang walang pera, samantalang nahihiga na sa salapi. Akin nga 'yan nang matingnan."

"Alam mo naman, may limit ang luho ko kay Mommy. Sige na regalo n'yo na sa 'kin, mga brod," apila ni Danny.

"Patingin." Binawi ni Darius ang gadget sa kamay ni Obet at in-operate iyon.

Binuksan niya ang inbox at nagbakasakaling may mensahe roon na makakapagbigay-impormasyon kung kanino ang telepono.

"Miss Aguilar," halos sabay-sabay na sabi ng tatlo nang mabasa ang mensahe roon.

"Parang nabanggit ng kapatid ko na may bagong teacher siyang 'Miss Aguilar' ang pangalan," sabi ni Danny. Siguro siya 'yun. Actually, practicum teacher pa lang daw iyon. And guess what, guys, sobrang ganda daw ang teacher na 'yan."

“Talaga? Ilang taon na kaya siya?” ani Obet, halatang curious.

“Kilala ni Mama ang pamilya niya at sabi niya graduating pa lang yata siya sa college. Sayang at sa elementary siya nagpa-practicum.” Umiling-iling pa ito na tila hinayang na hinayang.

“What’s her name?” usisa ni Darius, na ikinalingon ng dalawa.

“Don’t tell me, pati sa teacher na ’to, interesado kang gawing fling?”

Ang totoo, may sumagi sa isip niyang mukha nang banggitin ng kaibigan ang mga salitang ‘sobrang ganda,’ at ‘Aguilar’ din ang apelyido ng taong naisip niya. Pero hindi na niya iyon kailangan pang sabihin sa mga kaharap. “Tell me more about this Miss Aguilar, Danny. What’s her first name?” ulit niya.

Bahaw na napangiti si Darius, kung ano ang iniisip nito ay ito lamang ang nakakaalam. “’Yun nga. Taga-rito din ang pamilya niya, at dito siya nag-graduate dahil sa scholarship. S’abi ni Mama, wala na raw siyang ama at tatlo silang magkakapatid. Ang panganay ay Japayuki, siya ang pangalawa at ang bunso ay diyan din nag-aaral.”

Tumangu-tango lang si Darius at wala nang sinabi.

Kinuha ni Danny mula sa kanya ang cellphone. “Ano, isosoli ba natin ’to, guys?”

Marahas na binawi niya muli ang telepono at pinal na sinabi, “Oo. Kilala ko na kung sino ang may-ari nito.”

“SIYA ang sinasabi kong bagong practicum teacher dito sa elementary.” Itinuro sa kanila ni Danny ang tinutukoy nito.

Sabay-sabay nilang pinagmasdan ang babae. Napakaganda nito. Napakaputi at napakakinis ng legs na nakahantad sa uniform na suot nito nang sandaling iyon. Alam ni Darius na wala itong suot na stockings kahit sa distansya nilang iyon mula rito. Mahaba ang medyo alun-alon nitong buhok. Sa taas niyang 5’8”, sa tingin niya ay mas maliit lang ito sa kanya nang kaunti. Nang humarap ito sa kinaroroonan nila ay sabay-sabay pa silang napasinghap na parang nakakita ng magandang laruan na gustong bilhin anumang oras. Napakakinis ng mukha nito at napakaamo.

Bilugan ang mukha nito, medyo singkit ang mga

mata nitong parang laging nakangiti, may matangos na ilong at mala-hugis pusong labi na kahit halatang walang lipstick ay mapupula pa rin.

"Napakaganda pala talaga niya. Dapat sa kanya ay naging Tourism student o naging *Miss Philippines*," parang naeengkantong anas ni Obet.

Si Darius naman ay tahimik lang habang tinititigan at pinag-aaralan ang kilos ng magandang practicum teacher. *Divine, lalo kang gumanda. Higit pa sa inaasahan ko.*

"Guys, ako na'ng bahala sa cellphone niya. Obet, puwede mo bang ihatid sa bahay ang motor ko?" aniya mayamaya.

"Ano? Brod, hindi puwede. May atraso tayo ngayon kay Robert," anito sa lider ng kalaban nilang grupo. Nabugbog niya kanina ito dahil nagalit siya sa pang-aasar nito. Tumanggap lang naman ito ng hindi mabilang na pasa.

"Baka sa sandaling ito, nalaman na ni Uncle Antonio ang ginawa natin, lagot ako sa kanya." Ang ama ni Darius ang tinutukoy nito.

"Hindi niya malalaman dahil wala pa siya sa bahay pagkahatid mo ng motor. Pumunta siya ng kabilang bayan."

"Sige! Siguraduhin mo lang ang sinabi mo." Umalis na ang mga ito at labag sa loob na iniwan siya. Kahit gusto rin ng mga ito na makilala ang magandang practicumer, wala itong ibang magawa kundi sundin siya bilang lider.

"Good bye, Miss Divine…" Narinig niyang sabay-sabay na sabi ng mga bata sa magandang teacher.

"Good bye, children. See you tomorrow," sagot nito.

Habang minamasdan niya ang babaeng dati niyang kaklase noong elementary ay may sumilay na ngiti sa sulok ng kanyang labi.

*Makakaganti na rin ako sa 'yo, Dad*, aniya sa isip.

"Hi!" Mula sa kinatatayuan ay napalingon si Divine sa nagsalita.

Nakita ni Darius ang conscious na pagtingin nito sa kanya, parang kinikilala siya. Mayamaya…

"Darius Raganza?" Ang boses nito ay parang musikang napakasarap sa tainga. Ang ngiti nito ay napakatamis.

"Yes." Lumapit pa siya rito.

“Hi, kumusta ka na? Ano’ng ginagawa mo dito?” masayang anito.

“May sasabihin sana akong mahalaga sa ’yo.” Bahagyang kumunot ang makinis nitong noo. “Puwede ba akong sumabay sa ’yo?”

“Yeah, sure. Pero pauwi na ako, hinihintay ko lang ang kapatid ko. Maglalakad lang kami dahil iyon na lang ang exercise namin. Hindi ko na nagagawa iyon sa umaga dahil male-late na ako masyado kapag naglakad pa papasok.” Natigilan ang dalaga nang makitang titig na titig siya rito. “Darius, may dumi ba ako sa mukha?”

“Ha?” Para naman siyang nahimasmasan. “Iniisip ko kasi na hindi ka pa rin nagbabago, maganda ka pa rin katulad noon.”

Nakita niya kung paanong namula ang mukha nito.

“Ikaw talaga, bolero ka pa rin hanggang ngayon,” napangiting anito.

“Hindi ako nagbibiro, totoo ang sinasabi ko. Napakaganda mo.”

Blessing in disguise para kay Divine ang pagdating ng kapatid niya dahil hindi nito alam

kung paano sasagutin ang sinabi ng lalaki.

"Sister ko," anito. Lumingon siya sa likuran niya at nakita ang younger version ni Divine sa katauhan ng bata.

Nakangiting nakatingin ito sa kanya. "Hello, kaibigan ka ba ng ate ko?"

"Yes," aniyang nakangiti rito.

"Hmm. I'm Melanie," pakilala ng labingdalawang taong gulang na bata.

Nagkatawanan sila ni Divine nang umikot ito sa kanya na parang iniinspeksyon siya.

"Ate, mas guwapo siya kaysa kay Kuya Ricky," sabi nito pagkatapos.

Bumaling siya kay Divine at nakita niya kung paano nito pinandilatan ang kapatid. Natawa siya. "And who's Ricky?" tanong niya kahit alam na niya ang sagot doon dahil nabasa niya ang messages ng lalaki sa cellphone na napulot.

"Manliligaw ng ate ko." Si Melanie ang mabilis na sumagot.

Tumangu-tango siya.

Mayamaya pa ay magkakasabay na silang

naglalakad. Noon din ay ibinigay niya sa dalaga ang cellphone na nakita ng mga kaibigan niya.

“Oh, my God! S’an mo ’to nakuha? Kanina ko pa ’to hinahanap. Kung sinu-sino na nga ang napagtanungan ko, eh. Salamat, ah. Paano mo nga pala nalaman kung kanino ito?”

“Huwag ka sanang magalit pero pinakialaman ko na ang messages sa inbox.”

Nakangiti itong umiling-iling, “Not at all. I heard na nag-aaral ka pa rin diyan at hindi ka tapos ng high school?”

Tiningnan ni Darius ang dalaga pero wala sa hitsura nito ang nanunukso o nang-iinsulto. “Apparently, oo. Kilala mo naman ako, maloko, kaya hanggang ngayon wala pa ring nararating.”

“Siguro dapat magseryoso ka na sa pag-aaral this time. Pasasaan ba’t makakapagtapos ka rin. Tingnan mo ako, graduating na this year sa kursong Education dahil nagsa-summer ako.”

“At idagdag pang na-accelerate ka noong high school, di ba?” dagdag niyang ikinapula ng mga pisngi nito. Hindi marahil inaasahan ng babae na alam niya ang nangyari rito kahit noong hindi na sila magkaklase.

Tiningnan niya ito habang naglalakad, napakasimple nitong kumilos yet, napaka-sexy. Hindi nakapagtatakang maraming nanliligaw rito. Huwag muna sana nitong sagutin ang kung sinuman sa mga iyon, dahil mapupurnada ang plano niya.

"Nandito na tayo!" palatak ni Darius.

Bungalow-type ang bahay na may pinturang pink sa labas. May garden sa harap ng bahay, green ang bakod at doon ay may nakaparadang isang tricycle.

"Pumasok ka muna sa loob, Darius, para kahit man lang mapagmerienda ka. Para makapagbayad ako sa pagkakahanap mo ng cellphone ko. C'mon, let's go inside."

At hinatak na siya nito sa loob ng bahay para ipakilala sa ina nito.

# 2

Tulad ng inaasahan ni Darius, pagdating sa kanilang mansion, naroon na ang kanyang daddy at naghihintay sa kanya. Malayo pa lamang siya ay nakita na niya ito sa malaking bulwagan at naghihintay sa kanya. Nagbabasa ito ng diyaryo, pero pinapakiramdamanan ang pagdating niya.

Nag-angat ito ng mukha nang maulinigan na may tao. Taas-noong sinalubong niya ng tingin ang ama. Ngayon, higit kailanman siya magiging matapang. Kapag palagi na lang siyang magpapakita ng takot dito ay palagi lang itong magkakaroon ng dahilan para bugbugin siya.

“S’an ka galing?” Dumagundong ang boses nito sa buong kabahayan.

“Diyan lang ho.” Iiwas sana siya, pero bago nangyari iyon ay nahagip nito ang braso niya at marahas siyang iniharap.

“Diyan lang,” paasik na ulit nito. “Kaya pala hindi mo naabutan si Robert at ang mga magulang niya. Anong kabulastugan na naman ang pinaggagagawa mo?”

Ito ang tunay na ugali ng kanyang ama. Hindi alam ng mga tao dahil sa harapan ng mga iyon ay ibang-iba ang ipinapakita nito na para bang hindi makabasag-pinggan. Pero sa kanya na anak nito ay bugbog siya palagi rito. Sa kanya na anak nito sa unang asawa na umiwan dito dahil din sa pananakit nito.

"Dumepensa lang ako, siya ang unang nang-asar," matapang na pahayag ni Darius.

"P*ta! Hindi mo sana pinatulan. Hindi mo ba alam na sa ginawa mo, maaaring i-cancel ng kanyang papa ang deal na naumpisahan na namin sa negosyo. Kahit kailan talaga wala kang kuwentang anak." Bago pa nakailag ni Darius ay humulagpos na ang kamao nito sa pisngi niya.

Namanhid ang tinamaan niyang balat at nagliyab ang galit sa mga mata niya. "Hindi mo na uulitin sa 'kin 'yan kung ayaw mong gumanti ako."

"Aba't, sumasagot ka na ngayon! Iyan ba ang natutunan mo sa mga basagulero mong kaibigan?" Alam niyang ang tinutukoy nito ay si Obet. Anak ito ng mahigpit na karibal noon sa pulitika ng kanyang ama. Pinili niyang kaibiganin ito para pasakitan at mapaghigantihan si Antonio.

"Sa inyo ko natutunan dahil itinuro n'yo sa akin ang pagiging matapang."

"Ako pa rin ang nagpapalamon sa 'yo, walanghiya ka! Hindi mo kayang umalis dito dahil hindi mo kayang mabuhay mag-isa. Manang-mana ka sa ina mo."

Doon na siya tuluyang sumabog, okay lang sa kanya kung saktan siya nito pero hindi matanggap ng damdamin niya na insultuhin nito ang kanyang ina.

"Huwag mong idadamay ang mommy ko!"

Hindi nito pinansin ang huling sinabi ni Darius. "Sa edad mong 'yan, ilang girlfriend na ang nagdaan sa'yo? Kailan lang daw ay inagaw mo kay Robert ang nobya niya and I wonder kung ilang ulit mo nang naikama iyon."

*Nagmana lang ako sa inyo. Hindi ba't nagsasama pa man kayo noon ni Mommy, marami ka nang kabit?* muntik na niyang maisinghal dito.

"Kaya hindi ka pa nagtatapos ng pag-aaral mo dahil hindi ka tumitino. Ilang taon ka na ba sa high school, napag-iwanan ka na ng mga dati mong kaklase!" Isa pang suntok sa magkabilang pisngi ang nakuha niya mula sa ama. At sa lakas noon ay

nawalan siya ng balanse at natumba. Mabilis siyang tumayo.

Kuyom ang mga palad na gumanti siya ng asik. “Ganito ako dahil na rin sa inyo. Nagmana lang ako sa inyo.” Pagkasabi niyon at walang paalam na tumalikod siya at lumakad patungo sa kanyang silid.

“Hindi pa ako tapos sa ’yo, bumalik ka dito!” tungayaw nito.

Ngunit hindi na niya nilingon pa ang ama.

NAKITA NI DIVINE ang ngiting-ngiting kaibigang si Emma, papasok ito sa faculty room. Katulad niya ay practicumer din ito. Lumapit agad ito sa kanya matapos mag-time-in.

“Hoy, may tsismis dito, ah. Bakit kasama mo ang Raganza na ’yun kahapon?”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Huwag mong sabihing pati ikaw ay mag-iisip ng masama dahil sa paglapit niya sa akin? Isinauli lang niya sa akin ang cellphone ko na napulot niya, ano ka ba?”

“Pagkatapos, balita ko sumama pa siya sa bahay n’yo.”

"Nag-volunteer na ihahatid kami ni Melanie. Hindi na ako nakatanggi. Isa pa, para makabayad na rin ako sa pagkakahanap niya sa cellphone ko, pinakain namin siya. I'm just being friendly, Emma."

"Being friendly daw, balita ko nga marami nang naging nobya iyang si Darius. Hindi naman kataka-taka. Kahit noong elementary at high school tayo, eh, marami na talagang nagpapakita ng motibo d'yan. Hindi ka ba natatakot?"

Pinagtaasan niya ng kilay ang kaibigan. "Bakit naman ako matatakot?"

"Baka ligawan ka niya. If you haven't noticed yet, he's got deadly charms at hindi mahirap sa kanyang siluin ka."

Ewan niya, pero parang may mumunting kilig na inihatid sa kaibuturan ng kanyang puso ang sinabi nito.

Inaamin niyang nang lumapit sa kanya ang dating kaklase kahapon ay naguwapuhan siya rito. Lalo itong gumuwapo kaysa noon. Nagtataglay ito ng mga pilyong mata at mga labi na parang kay sarap hagkan. At sa edad nilang eighteen, malaki na ang katawan nito. Ang malapad nitong dibdib ay tila masarap sandigan.

"O, ba't ka nangingiti diyan? Na-cute-tan ka sa kanya, 'no? Aminin!" tukso ng kanyang kaibigan.

"Tigilan mo nga 'ko. Isinoli lang niya sa akin ang cellphone ko kahapon, naging mabait lang siya sa akin. Huwag mo sana iyong pag-isipan ng masama."

"Si Darius ang notorious diyan sa high school department bilang babaero. Mag-iingat ka, matinik 'yun sa mga babae. Kahit yata posteng dinamitan, papatulan n'un."

Pero base sa pagkakakilala niya rito, hindi ganoon ang nakita niya kay Darius. Alam niya, may kabutihan ito ng puso na hindi nakikita ng ibang tao. Alam niyang marami itong itinatago—pilit ang mga ngiti nito at parang ingat na ingat sa mga sinasabi.

"Mabuti pa siguro sagutin mo na si Papa Ricky para hindi ka na lapitan niyang Darius na 'yan."

Pinandilatan niya ito.

"Huwag mong sabihing hindi mo gusto si Ricky? Aba'y ano pa ba'ng hinahanap mo sa kanya?" Co-teacher niya ito at dating taga-Maynila. Mayroon din itong maliit na negosyo. "Guwapo na, masipag and successful pa."

Tinawanan lang niya ang sinabi nito. "Tara na

nga, magmerienda na tayo."

As usual ay sa karinderya sa harapan ng school sila tumambay at kumain ni Emma. Pinsan ng nanay ni Emma ang may-ari ng karinderyang iyon. Kumukuha siya ng order sa counter nang mahagip ng mga mata niya ang taong nakaupo di-kalayuan sa kanila. Kung hindi siya nagkakamali ay parang may pasa ito sa kaliwang pisngi. Lumapit siya rito at hindi nga siya nagkamali ng akala. Si Darius iyon, may kasama itong isa pang lalaki. Sa malapitan ay kitang-kita ang pasa nito.

"Darius, ano'ng nangyari sa 'yo?" Nagulat ito nang makita siya. Ngunit mas nagulat yata ang lalaking kasama nito.

Nag-iwas ng tingin ang ex-classmate niya, lalo naman siyang lumapit at inabot ang baba nito. "Patingin nga."

"Ano ba? Wala kang pakialam dito, hayaan mo nga ako," pagalit na sabi nito saka iwinaksi ang kamay niya.

Nakalapit na noon si Emma at nakita ang ginawa ni Darius. "Hoy, Mister Raganza, huwag mong ganyanin ang kaibigan ko, ah! Nag-aalala lang naman siya sa 'yo."

Hinarap niya ito at sinaway. “Emma, let me handle this, okay?”

Nagngingitngit na sinunod siya nito.

Hinarap naman ni Divine si Darius. “Sabihin mo sa akin ngayon, Darius, ano’ng nangyari sa ’yo?”

“Ah, Miss Aguilar…” agap ng kasama nito; napabaling sila rito. “Kilala ko na kayo dahil isa din ako sa nakapulot ng cellphone n’yo,” sabi nito. “Napasuntok si Darius kanina lang sa isa sa aming mga kaeskuwela. Huwag ho kayong mag-alala, malayo ho ’yan sa bituka. Saka sanay na sa basag-ulo si Darius. Kayang-kaya niya iyan.” Sinabayan nito iyon ng tawa.

“Sigurado ka?” Si Emma ang nagtanong. “Tingnan mo nga, namamaga at nangingitim. Alam ko ang hitsura ng pasa kapag matagal na. Ang suspetsa ko diyan, kahapon o kagabi lang at hindi ngayong umaga.”

“Sigurado ka ba, Emma?” Nakakunot ang noo ni Divine. Alas ocho na nakaalis si Darius sa kanila kagabi at iyon ang hindi niya sinabi kay Emma. Pagkatapos nitong makisalo sa kanila sa hapunan ay nakipagkuwentuhan pa ito sa Nanang niya. Tingin nga niya ay sabik itong may makausap na

nakakatanda.

Nagtatanong ang tingin niya kay Darius; tanging sila lamang ang nakakaalam ng palitan ng tinging iyon. Hindi niya maiwasang isipin na may kinalaman ang pasang iyon sa pag-uwi nito noong gabi na. Na-trouble ba ito sa daan papauwi o sa bahay nito mismo nakuha ang pasang iyon?

"Sino ang kasama ni Darius sa bahay?" tanong niya sa kasama nito.

"Call me Obet. Pamilya niya ang kasama niya sa bahay. Mga magulang, mga kapatid," nagtataka man ay sumagot din ito. "Ang daddy niya, stepmother at mga step siblings ho."

Hindi niya maiwasang maghinala. Hindi kaya ang daddy nito ang may gawa niyon? Parang bigla siyang nag-alala para rito. Pero bakit naman nito gagawin iyon kay Darius?

Hinarap niya ito. "Darius, you can trust me. I'm your friend, di ba? Sino'ng may gawa sa 'yo niyan?"

"Wala, okay. Napaaway lang ako kagabi papauwi sa amin. Nabugbog ako ng mga lasenggero sa kanto kaya ito ang napala ko. Tara na, Obet."

Sinundan niya ito ng tingin. Ewan ng dalaga

pero hindi siya naniniwala rito. At ang tila pag-iwas nito sa pagtatanong niya ay parang may ibig sabihing iba.

KINABUKASAN ay abala si Divine sa pag-check ng test papers ng kanyang mga estidyante sa isang vacant room nang makita niya si Darius na pumapasok sa loob. Nakita niyang may dala itong isang tangkay ng rose sa kanang kamay nito.

“Puwede ba akong pumasok?”

“Nakapasok ka na, hindi ba?” natatawa niyang sabi. Alanganin itong lumapit at saka iniabot sa kanya ang bulaklak.

“Upo ka.” Iminuwestra niya ang isang upuan sa harap nito.

“Peace offering ’yan dahil sa ginawa ko sa ’yo kahapon. I’m sorry, mainit lang kasi ang ulo ko n’un,” nahihiyang sabi nito.

“Wala na ’yun. Patingin nga.” Namalayan na lang niyang nakalapit na ang kamay niya sa baba ng binata at marahang sinusuri ang pisngi nito. Nangingitim pa iyon pero hindi na masyadong halata.

Parang napasong binawi niya ang kamay nang mapansin ang matiim nitong tingin. Bigla niyang na-realize ang nagawa.

Napalunok naman si Darius nang makita ang pamumula ng mukha ni Divine.

“Dapat nga ay magpasalamat pa ’ko sa pag-aalala mo sa akin, pero nagalit pa ’ko sa ’yo.”

Tuluyan nang napangiti ang dalaga. “Kalimutan mo na ’yun. Hindi ko na ipipilit na itanong kung sino ang may gawa n’yan.”

“Sinabi ko nang nabugbog ako ng mga lasenggero sa daan.”

“Alam mong hindi totoo ’yan, Darius,” aniya.

“Divine…”

She sighed. “Kalimutan na natin ’yun. Huwag na lang sanang mauulit. Patingin nga ulit.”

Hindi na nasuway ni Darius ang babae dahil dumapo na ang malambot nitong kamay sa pisngi niya, caressing the bruises on his face. At nang tingnan niya ang mukha ng dalaga, parang may kung ano siyang naramdaman na hindi pa niya kayang pangalanan sa ngayon. Ito na yata ang pinakamagandang babaeng nakilala niya—very

plain and simple yet, very attractive.

"PUWEDE bang sumabay?"

Paglingon ni Divine ay nakita niya ang nakangiting mukha ni Darius. Maaliwalas ang hitsura nito ngayon. Hindi niya ito maintindihan, minsan ay nasa mood ito, minsan naman ay halos magsalubong ang mga kilay nito at kahit pa siguro presidente ng Pilipinas ang dumaan ay hindi nito papansinin.

"Sure!" aniya.

Ngumiti ito sa kanyang kapatid. "Hi, Melanie."

"Hello, Kuya Darius. Bakit wala 'yung motor mo?" puna nito. Halos buong Sinait ay nakakaalam na nagmomotor ang binata pagpasok at pauwi.

"Iniwan ko sa bahay namin. Gusto ko kasing sumabay sa inyo."

Hinayaan na lamang niya ito, isa pa hindi niya ipagkakait kay Darius ang sandaling maging masaya. Nasabi niya iyon dahil halata niya sa lalaki na sabik ito na may nakakausap. Lalo na kapag kausap nito ang Nanang niya, sabik siguro ito sa isang ina.

Sukat sa naisip ay bigla niyang naalala ang bugbog nito noong nagdaang araw. Tamang-tama naman at nagpaalam na ito sa kanyang ina, inihatid niya ito sa labas.

"Gusto mo bang ihatid na kita sa bahay n'yo, Darius?" tanong niya.

Mataman siya nitong tiningnan. "Iba talaga sa pakiramdam kapag ikaw ang bumabanggit sa pangalan ko. Malambing."

Pinamulahanan siya ng mukha sa sinabi nito, natawa naman si Darius sa nakita. Sinasabi na nga ba ni Divine, his good looks were dangerous, and so was being close to him.

"Kahit kailan, hindi ako nagpahatid sa bahay, lalo na at babae ang maghahatid sa akin," anito.

"Pero wala naman akong nakikitang masama doon. Practicum teacher naman ako."

"Hindi sa amin mismo, kundi sa elementary department. Isa pa, magkaedad lang tayo. Ang pangit tingnan. Dapat ako ang naghahatid sa 'yo. Divine, puwede ba kitang ihatid at bisitahin sa school n'yo?"

ILANG ARAW na ganoon ang kanilang routine.

Tinotoo nga ni Darius ang sinabi kay Divine na ihahatid siya nito at bibisitahin sa school. She was starting to enjoy it dahil masarap kasama at kausap ang binata. Hindi kaila sa kanya na matalino ito, kaya lang ay mahilig itong magbulakbol kaya hindi pa guma-graduate.

“Divine, may nakarating sa akin na lagi daw kayong nakikitang magkasama ni Darius sa school n’yo?” anang kanyang ina minsan, habang nananahi ito ng bestida ng kapatid niya at wala siyang klase.

“Nanang, pati ba naman kayo nag-iisip ng malisya?”

“Ako, hindi dahil kilala kita. Pero alam mo naman dito sa lugar natin, lahat ng bagay pinagtsitsismisan.”

“Wala ho kaming ginagawang masama, ’Nang, nakikipagkaibigan lang ’yung tao.”

“Wala naman akong tutol kung sakaling magustuhan mo siya dahil mabait naman siyang bata. Minsan nga lang sadyang matigas ang ulo niya.”

Sasabihin sana niya rito ang nahahalata niya kay Darius, pero masyado pang maaga para sabihin iyon. Isa pa, hindi naman malalim ang relasyon nila—magkaibigan lamang sila at iyon lamang.

“Hindi ko masisisi ang batang ’yun kung bakit naging rebelde. Alam kong nagsimulang naging matigas ang ulo niya nang umalis ang mommy niya.”

“Kilala n’yo ho ang mommy niya?” interesadong untag ni Divine.

“Kilalang-kilala. Madalas siyang magpatahi sa akin noon ng mga bestida.”

Dating sikat na modista ang nanay niya sa kanilang lugar. Tumigil lang ito nang nagsulputan na ang mga mananahi at lumabo na rin ang mga mata nito. Pinahinto na ito ng ate niya at nangakong padadalhan na lamang ito ng sustento buwan-buwan mula nang makapag-Japan ito.

“S’abi po nila, wala na ho ang mommy ni Darius. Iniwan sila dahil sa ibang lalaki,” aniya.

“Sus, hindi mo masisisi ang mommy niya kung sumama man iyon sa iba. Sinasaktan kasi siya ni Antonio. Sinubukan ni Frida na isama si Darius na maliit pa noon, pero hinadlangan iyon ni Antonio. Nagpakasal ang daddy niya sa iba at nagkaroon ng tatlong anak.”

Ngayon naisip ni Divine na sa likod ng pagiging matapang at basagulero ni Darius ay may itinatagong kalungkutan ang pagkatao nito. Marahil, sa

pakiramdam nito, nag-iisa na lamang ito sa mundo at wala itong maaasahang magtatanggol dito kundi ang sarili lamang.

LINGGO NOON at walang gagawin si Divine kaya tinulungan niya ang ina na magtinda sa karinderya nila sa town proper ng Sinait. Nang biglang mahagip ng kanyang mga mata ang lalaking nag-aabang ng masasakyan.

Kahit naka-dark shades ito ay namukhaan pa rin niya ito—si Darius. Napakaguwapo nito sa suot na kupasing pantalon at maluwang na blue jersey shirt na may tatak ng isang sikat na *NBA* team. Pinara nito ang bus na paparating, awtomatikong tiningnan niya ang sign board niyon: Vigan.

Kung gayon, pupunta ito ng Vigan.

# 3

“Miss Aguilar, alam mo na ba ang balita ngayon?” salubong sa kanya ni Mrs. Solis. Laging ito ang pinagmumulan ng tsismis sa departamento nila. “Balita diyan sa high school department na kulang ang test papers para sa periodical test ng mga fourth year students.”

Nangunot ang kanyang noo; bakit sinasabi nito iyon sa kanya?

“Ma’am, hindi ko ho maintindihan.”

“Bali-balita na si Darius Raganza ang kumuha ng mga iyon. Sabagay kilala naman sa pagiging malikot ang batang iyon kung bakit kasi ang isang katulad mong napakabait ay nakipaglapit sa isang katulad niya.”

Ngali-ngali na niyang sagutin ito pero nagpigil pa rin siya. Hindi na niya ito kinibo. Si Darius, nagnakaw ng test papers? Hindi siya makapaniwala doon. At hindi malikot ang kamay ng lalaki, sigurado siya roon.

“Emma, totoo bang si Darius ang pinagbibintangang kumuha ng mga test papers?”

tanong niya sa kaibigan nang magkausap sila nang sarilinan.

Nagkibit-balikat ito. “Iyon ang bali-balita.”

“Hindi niya ’yun magagawa.”

“Paano mong nalaman? Hindi lang ’yun bali-balita, Divine, dahil nakita ang bracelet niya sa pinangyarihan ng nakawan ng test paper at nakaukit pa roon ang pangalan niya at ang isang notebook na hindi maikakailang sa kanya.”

“My God!”

“Mapaparusahan daw siya at baka hindi makapag-test ngayong periodical at nanganganib pa siyang umulit muli sa fourth year. My God, ilang taon na siya sa high school?”

Naawa si Divine sa lalaki.

“Isa pa, parang ulang sumabog ang balita na bigla na lamang nawala si Darius samantalang kaninang umaga naman ay pumasok pa sa klase. It only means na guilty siya.”

“Kailan nangyari iyon, Emma?” Umaasa siyang sana nang nangyari ang nakawan ay kasalukuyan silang magkasama.

“Kahapon daw dumaan pa si Mr. Ines sa faculty noong umaga bago nagkaroon ng community work ang klase niya. At nang umalis siya nang mga bandang alas dos na daw. Pero kaninang umaga ay natuklasan na lang na may nawawalang test papers at nakita nga ang mga gamit d’un ni Darius.”

“Emma, I saw him yesterday, paalis siya papuntang Vigan.”

“Don’t give me that reason, Divine. Sinasabi mo lang ba ‘yan para hindi siya mapahamak?”

Parang hindi makapaniwalang tumingin siya sa kaibigan, paanong nasasabi nito iyon?

“No, Emma. Nasa carinderia ako that time nang makita ko siyang may pinarang bus noong mga ala una. I know, dahil bago ko siya nakita ay tumingin pa ’ko sa orasan noon at katatapos lang naming mag-lunch.”

“Totoo ba ’yang sinasabi mo? Baka nagkakamali ka lang.”

“No! Emma, I have this feeling na may nag-set-up sa kanya. Samahan mo ako kay Mrs. Raganza kakausapin ko siya.” Ang tinutukoy niya ay ang principal ng high school department na kapatid ng ama ni Darius.

"Wala si Mrs. Raganza, nasa seminar sa Baguio at sa makalawa pa ang uwi niya. Kamag-anak naman niya si Darius. Hayaan mo na, baka maawa naman siya sa pamangkin niya."

"Bakit ba lahat kayo parang galit kay Darius?" Hindi na niya napigilan ang kanyang kinikimkim na hinanakit. Nagulat ito sa hinanakit sa kanyang boses.

"Hindi ako galit sa kanya, Divine. Nagkataon lang na totoo ang iniisip ko sa kanya," depensa ng babae.

"He's a battered child, Emma." Tumungin ito sa kanya nang may pagtataka. Nagpatuloy siya, "Sinasaktan siya ng daddy niya. At alam mo ba ang ibig sabihin niyon? Kaya gan'un ang ugali niya dahil pakiramdam niya inaapi siya ng buong mundo at feeling niya walang magtatanggol sa kanya kundi ang sarili niya."

"Are you sure?"

"Noong makita kong may pasa siya, may pakiramdam na ako. Pero saka ko lang lubos na naisip dahil sa sinabi ni Nanang na binubugbog rin ni Don Antonio ang mommy ni Darius noon kaya umalis sa kanila. Malakas ang pakiramdam ko na

tama ang iniisip ko, Emma, at aalamin ko ang totoo."

"Bakit mo ginagawa ito kay Darius?" kunot-noong tanong nito.

Nag-iwas si Divine ng tingin sa mapanghusgang tingin ng kaibigan. "Dahil naaawa ako sa kanya. Hindi makatarungan na sinasaktan siya ng sarili niyang ama."

"Sigurado kang iyon lamang ang dahilan?"

Tumayo siya. "Kaibigan ko rin siya at kailangan ko siyang tulungan."

"Where do you think you're going?" nagtatakang tanong ni Emma nang bigla siyang tumayo, bitbit ang mga gamit.

"Hahanapin ko siya."

"Paano ang klase mo?"

"Bahala ka nang magsabi kay Mrs. Aquino, Emma. 'Ika mo, may importante akong inasikaso. Ako na bukas ang magpapaliwanag sa kanya."

Iniwan niya itong takang-taka.

FIRST TIME niyang makapasok sa *Raganza*

*Farm*. Madalas sabihin ni Darius kay Divine na roon ito nagpupunta kapag nagpapalipas ito ng oras o ng mga hinanakit. Agad naman siyang pinapasok ng guard nang ipakita niya ang kanyang ID.

Samu't-saring mga hayop ang nakita niya. Iba-iba ang kulungan ng mga ito. May nakita rin siyang mga kabayo at karamihan ay mga baboy, manok at kambing. Hindi rin tulad ng kanyang inaasahan ang lugar, hindi iyon katulad ng ibang animal farm na nangangamoy dahil sa dumi ng hayop.

Patuloy lang si Divine sa paglalakad nang makita ang bahay kubo na sinabi sa kanya ng guwardiya na kinaroroonan umano ni Darius.

Maganda ang kubo. Sa biglang tingin ay napakaordinaryo lamang. Ngunit dahil napapaligiran iyon ng mga wild orchids na may iba't-ibang kulay, napakaganda ng lugar na iyon.

Dahan-dahan niyang binuksan ang gate at unti-unting pumasok. Malamig sa mata ang mga kulay ng mga orchids na nakahilera. Tingin niya ay gawa ng isang magaling na landscaper ang lugar. Matapos ang ilang minutong pag-tao po, naisipan niyang buksan ang pinto nang napagtanto niyang nakabukas iyon.

"Bakit ka narito?" narinig niyang saad ng boses ni Darius. Madilim sa loob ng bahay kaya kaunti lang ang naaninag niya. Ang alam lang ni Divine ay nakaupo ang binata sa isang silya na naroon sa tingin niya ay sala ng kubo.

"Darius, gusto sana kitang makausap." Nakita na niya ito nang tuluyan niyang buksan ang pinto at pumasok ang liwanag.

Narinig niya ang buntong-hininga nito.

Lumapit siya rito. Naupo siya sa upuang kawayan sa harap nito. "Nabalitaan ko ang nangyari, kaya hinanap kita agad."

"Pumunta ka ba dito para paratangan din ako?" matabang na tanong nito.

"Hindi, Darius. Alam kong hindi mo magagawa iyon, kaya hinanap kita para tulungan. Nakita kita kahapon na sumakay ng bus kaya hindi ako naniniwalang ikaw ang gumawa n'un," mahinahong paliwanag niya.

"Paano kung sabihin kong ako ang kumuha ng test papers na iyon?" nanghahamong sabi nito.

"Huwag kang mag-asal-bata at patunayan mong wala kang kinalaman d'un!" Naiinis na siya sa

katigasan ng ulo nito.

"Paano ko gagawin 'yun, gayung nakita nila mismo sa faculty room ang mga gamit ko?"

"May palagay akong set-up lamang ang mga iyon para ipahamak ka. May kilala ka bang may galit sa 'yo?" seryosong tanong ni Divine. Sa pagtataka niya ay bigla itong tumawa nang malakas.

"Ano'ng nakakatawa?" naiinis na sabi niya.

"Bakit kailangan ko pang isipin kong sino ang kaaway ko na gumawa sa 'kin ng gan'un? Lahat naman galit sa akin." Bakas sa tinig nito ang tinatagong bitterness.

Nakagat niya ang labi para pigilan ang luhang handang bumagsak anumang sandali.

"Alam kong hindi ka lubos na masama, Darius. Tutulungan kitang malinis ang pangalan mo."

Iniiwas nito ang tingin sa kanya. "Kaya na 'yun ni Dad. Hayaan mo siya, lahat naman para sa kanya ay may katapat na pera. Sa tingin mo, hahayaan ni Auntie Maritess na masira ang pangalan niya dahil lamang sa ginawa ng pamangkin niyang walang kuwenta?" tukoy nito sa principal ng high school department.

"Huwag mong sabihin 'yan, Darius. Ikaw ang dapat magtanggol sa sarili mo! Alam mong wala kang kasalanan, bakit mo hahayaang isipin ng lahat na ikaw nga ang nagnakaw ng test papers? Hindi ka na bata, Darius. Grow up, for heaven's sake."

Tumitig ito sa kanya. Nakita niyang nag-uulap ang mga mata nito. Muli, napakagat-labi si Divine. Alam niyang pinipigilan lamang ng lalaki na mapaluha.

"Why are you doing all these things for me, Divine?"

Nailang siya sa klase ng pagtitig nito. Nag-aapoy ang mga mata nitong nakatunghay sa kanya. Gusto niya itong batukan, lahat ba ng babae, tinitingnan nito nang ganoon? At lahat ba sila ay pinangangatugan din ng tuhod?

"Tama ba ang pakiramdam kong may gusto ka rin sa akin?" anas ng lalaki.

*May gusto ka rin sa akin.* Ibig sabihin, may gusto nga ito sa kanya?

Natilihan siya sa nalamang iyon. Hindi siya nakakilos at bago pa siya nakahuma, lumapit na ito sa kinaroroonan niya at pinaglapit ang kanilang mga mukha.

"Darius, aalis na 'ko." Tinangka niyang tumayo pero nahagip nito ang mga kamay niya. Again, nalaman niyang parang gawa sa bakal ang mga kamay nito.

"What's the rush? Don't go yet, honey," anas nito habang hinahaplos ng isang kamay ang pisngi niya. "You told me you want to help me. I'm asking you now. Please stay with me…" Ngayon lang may lalaking nangahas na gumawa sa kanya ng ginagawa nito at hindi niya akalaing maliligayahan siya roon.

*Kung ang pagkakalapit natin ang magiging dahilan para bumuti ang pakiramdam mo, Darius, then let it be,* aniya sa sarili.

Bumaba unti-unti ang mga labi nito at bago pa siya napapikit ay nakita pa niya ang paghihirap sa mga mata nitong nakatitig sa kanya. Hinintay niya ang paglalapat ng kanilang mga labi. Hindi nagtagal ay naramdaman niya ang pagsuyo ng mainit nitong labi sa kanya at ramdam niyang parang may humaplos sa kaibuturan ng kanyang puso.

Kung ito ang pakiramdam para mapawi ang lahat ng hinanakit ni Darius sa buhay, handa siyang magparaya. Hindi niya namalayan ang paglandas ng kanyang luha. At bago pa niya mapansin iyon ay kumalas ito.

"Sh*t! You're crying," anitong agad na pinaglayo ang mukha nila. Umupo ito, sapo ang ulo. "Kung masakit sa 'yo ang ginawa ko, puwede ka namang tumanggi," singhal nito.

"Darius, hindi naman…"

"Damn! Lasang luha ang labi mo."

Nag-iwas si Divine ng tingin. Hindi niya maamin dito ang tunay na dahilan ng kanyang pagluha—she had just realized that she was in love with him.

"Umalis ka na bago pa kita ma-rape."

INAASAHAN na ni Darius na naghihintay roon sa sala ang daddy niya at iyon nga ang naabutan niya. Nakaupo ito at titig na titig sa pinto na waring hinihintay talaga siya.

Marahas itong tumayo at nilapitan siya. "Saan ka na naman nanggaling? Walanghiya ka talaga! Ano na naman ang ginawa mo? Kahit kailan ikaw ang dumudumi sa pangalang Raganza."

Hindi na siya nakailag nang dumapo ang kamao nito sa isa niyang mata, napaigik siya sa sakit na naramdaman. Nang hawakan niya ang matang nasaktan ay may dugong napunta sa kamay niya.

Tangkang susugurin siya nito muli, pero lumaban siya. Buong lakas na sinalag niya ang bawat ulos ng ama.

Ang mga kasambahay ay namagitan na sa kanila. Higit siya ni Manang Elding habang umiiyak. Pilit namang pinipigilan ng driver nila ang kanyang ama.

"Hindi ka na nagtanda, walanghiya ka! Gan'un ka na ba kabobo para nakawin ang mga test paper na 'yun? Wala ka na ba talagang utak?"

"Mas bobo ka dahil ipinagpalit mo ang mommy sa isang katulad ng asawa mo, isang town slut," lakas-loob na sabi niya.

Sa galit ng ginoo ay nagwala ito upang makakawala sa hawak ni Mang Ambo. Umigkas muli ang kamao nito sa mukha niya. Sunud-sunod na suntok ang pinakawalan nito. Nanlaban na siya sa mga suntok na pinapakawalan nito.

Halo-halo sa mukha ni Darius ang pinaghalong pawis, dugo at luha nang mapaghiwalay silang muli ng mga kasambahay. "Siguradong nakarating na sa kaalaman mo na may naghanap sa aking isang babae kanina sa farm," sabi niya kapagkuwan. Ito na ang tamang pagkakataon para makaganti rito.

"Siya ang babaeng napupusuan kong maging nobya. Hindi lang maging nobya, seseryosohin ko siya." May namutawing ngiti sa sulok ng kanyang labi.

"Saan galing ang babaeng iyon?" galit na tanong nito.

"Anak siya ng hamak na nagtitinda lamang ng ulam…" taas-noong sabi ni Darius. Alam niyang ikakagalit iyon ng kanyang amang sobrang pinahahalagahan ang sasabihin ng mapagmataas nitong mga kaibigan.

"Tarantado ka!"

Ngumisi siya. "And you know what? Nagpa-practicum siya para maging isang elementary teacher."

"Tanga ka kung siya ang pipiliin mo!"

Nagkibit-balikat lamang siya. "At mas matanda siya nang limang taon sa akin," pagsisinungaling niya.

Nahagip ni Antonio ang sombrero ni Mang Ambo at naibato sa kanya.